Paunawa sa Workshop at Kahilingan para sa mga Komento

Agosto 19, 2026

PARA SA: MGA INTERESADONG PARTIDO

MULA SA: EXECUTIVE OFFICER / APCO

PAKSA: **Paunawa sa Workshop at Kahilingan para sa mga Komento – Konseptong Papel para sa mga Susog sa Regulasyon 12, Tuntunin 11: Pagsubaybay ng Liyab sa mga Planta at Tuntunin 12: Mga Liyab sa mga Planta**

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area (Distrito ng Hangin) ay naglalabas ng isang Paunawa sa Workshop at Kahilingan para sa mga Komento sa isang konseptong papel na nagsasaliksik sa mga konsepto ng regulasyon para sa mga potensyal na susog sa Regulasyon 12, Tuntunin 11: Pagsubaybay ng Liyab sa mga Planta (Tuntunin 12-11) at Tuntunin 12: Mga Liyab sa mga Planta (Tuntunin 12-12).

BACKGROUND

Ang mga liyab ay mga aparatong ginagamit upang kontrolin at ligtas na sunugin ng labis ang mga gas mula sa iba't ibang prosesong pang-industriya. Bagama't binabawasan ng pagliyab ang mga potensyal na epekto ng mga hindi nasusunog na paglabas sa pamamagitan ng pag-oxidize ng mga hydrocarbon pangunahin sa carbon dioxide at tubig, ang operasyon ng liyab ay maaari ring lumikha ng mga byproduct at iba pang epekto, kabilang ang mga emisyon, ingay, at malalaking nakikitang apoy.

Iniaatas ng Tuntunin 12-11 ang pagsubaybay, pagtatala, at pagsukat ng komposisyon at dami ng mga gas na inilalabas sa mga planta, at itinatag ng Tuntunin 12-12 ang mga kinakailangan upang mabawasan ang mga emisyon sa mga planta sa pamamagitan ng pagbabawas ng dalas, magnitude, at tagal ng pagliyab. Ang Distrito ng Hangin ay nangako na bawasan ang pagliyab sa 2024-2029 Strategic Plan ng Distrito ng Hangin at sa Panukalang Batas ng Asembleya 617 Plano sa Pagbawas ng Emisyon ng Komunidad (CERP) ng Richmond–North Richmond–San Pablo, Landas Tungo sa Malinis na Hangin. Kabilang sa mga potensyal na estratehiya sa mga plano ang pagsusuri sa kahigpitan ng mga tuntunin at pagpapabuti ng mga ipinag-aatas sa mga pagsubaybay, pag-uulat, at pag-abiso na may kaugnayan sa mga liyab.

KONSEPTONG PAPEL

Ang konseptong papel ay nagpapakita ng mga konseptong pangregulasyon na naglalayong bawasan ang mga emisyon at dalas ng pagliyab ng planta, na may diin sa pagliit ng maiiwasang pagliyab at pagkamit ng makabuluhang pagbawas ng emisyon. Naglalahad din ito ng mga konsepto upang palakasin ang mga Plano sa Pagbawas ng

Liyab, pagsubaybay, at pag-uulat, na inaasahang magpapabuti sa transparency, accessibility, kahusayan, at kakayahang maipatupad.

MGA PAMPUBLIKONG WORKSHOP

Magdaraos ang Distrito ng Hangin ng dalawang hybrid public workshop sa panahon ng pampublikong komento upang mabigyan ang publiko ng pagkakataong matuto, talakayin, at magkomento sa konseptong papel para sa mga susog sa Mga Tuntunin 12-11 at 12-12. Parehong magbibigay ang mga workshop ng parehong impormasyon at pagkakataon para sa kontribusyon ng publiko. Ang mga workshop ay isasagawa ayon sa sumusunod:

- **Pampublikong Workshop sa Martinez:**
  - **Petsa/Oras: Setyembre 16, 2026, mula 6:00 PM hanggang 7:30 PM**
  - Mga Lokasyon:
    - **Sa Personal:**
      Martinez Event Center
      524 Main Street
      Martinez, CA 94553
    - **Virtual:** sa pamamagitan ng webcast
  - Mangyaring magparehistro para sa workshop dito .
- **Pampublikong Workshop sa Richmond:**
  - **Petsa/Oras: Setyembre 24, 2026, mula 6:00 PM hanggang 7:30 PM**
  - Mga Lokasyon:
    - **Sa Personal:**
      Richmond Convention Center Complex
      403 Civic Center Plaza
      Richmond, CA 94804
    - **Virtual**: sa pamamagitan ng webcast
  - Mangyaring magparehistro para sa workshop dito .

IMPORMASYON AT MGA KOMENTO

Ang konseptong papel ay matatagpuan sa webpage ng Distrito ng Hangin tungkol sa Mga Pagbabago ng Tuntunin Mga Liyab sa Planta. Inaanyayahan ng Distrito ng Hangin ang feedback ng publiko tungkol sa mga konseptong ito at isasaalang-alang nito ang lahat ng natanggap na kontribusyon sa panahon ng komento para sa higit pang pagpapaunlad sa mga potensyal na pagbabago sa mga Tuntunin 12-11 at 12-12.

Ang mga komento sa konseptong papel para sa mga susog sa Mga Tuntunin 12-11 at 12-12 ay hinihiling bago ang **Oktubre 5, 2026, 5:00 PM**. Tatanggapin ang mga nakasulat na komento sa pamamagitan ng tool sa pampublikong komento ng Distrito ng Hangin.